


Manual ng Mga Hakbang sa Kaligtasan at Kalusugan para sa Mga Technical Intern Trainee

Mga Trabahong Kaugnay ng Makinarya at Metal



Talaan ng mga Nilalaman

Panimula	1
I Istrukturang Pagsasanay sa Technical Intern para sa mga Banyagang Trainee	2
II Pagkakaroon ng mga Pinsala sa Trabaho sa mga Trabahong Kaugnay ng Makinarya at Metal	5
III Mga Dapat Isaalang-alang ng mga Organisasyong Nagpapatupad	
1 Mga Probisyong Legal Kaugnay ng mga Pamamaraan para sa Kaligtasan at Kalusugan	7
2 Trabahong Nangangailangan ng Espesyal na Edukasyon, Trabahong May mga Paghihigpit	7
(1) Trabahong nangangailangan ng espesyal na edukasyon	7
(2) Trabahong may mga paghihigpit	8
3 Mga Pamamaraan para sa Kaligtasan at Kalusugan	9
(1) Edukasyon para sa kaligtasan at kalusugan	9
(2) Mga aktibidad para sa kaligtasan at kalusugan	10
(3) Mga pamamaraan ayon sa uri ng aksidente	12
(4) Mga pamamaraan para sa mga sakit kaugnay ng trabaho	15
(5) Pagpapatupad ng mga medikal na Pagsusuri	17
(6) Pagsasagawa ng mga pagsusuri sa antas ng stress	18
4 Kapag May Nangyaring Pinsala sa Trabaho	19
(1) Mga pamamaraan para matanggap ang kompensasyon ng mga manggagawa ..	19
(2) Mga pamamaraang kaugnay ng pagsuspinde sa pagsasanay sa technical intern ..	19
IV Mga Bagay na Dapat Isaalang-alang ng mga Organisasyong Nangangasiwa	
1 Tungkulin ng mga Organisasyong Nangangasiwa	20
2 Kapag Humiling ng Konsultasyon ang Technical Intern Trainee	20
3 Pagbibigay ng Impormasyon at Pagsuporta sa mga Technical Intern Trainee Anumang Oras	21
4 Gabay sa Kaligtasan at Kalusugan para sa Gabay at Pagsusuri sa Lugar ng Trabaho	21
(1) Mga halimbawa ng mga bagay na dapat suriin sa mga organisasyong nagpapatupad	21
(2) Mga halimbawa ng mga bagay na dapat tingnan sa interview sa mga technical intern trainee	22
V Mga Pinsala sa Trabaho sa mga Trabahong Kaugnay ng Makinarya at Metal	23

Panimula

Kinakailangan ng Programang Pagsasanay sa Technical Intern na italaga ng mga technical intern trainee ang kanilang sarili sa pagsasanay para matutunan ang mga kasanayan sa Japan at mailipat ang mga ito sa kanilang sariling bansa.

Syempre, para makamit ito, mahalaga na matapos ng mga technical intern trainee ang kanilang pagsasanay sa Japan nang walang pinsala at nasa mabuting kalusugan para makabalik sila sa kanilang sariling bansa nang malusog.

Samakatuwid, kinakailangang gumawa ng sapat na mga pamamaraan ang mga tagapagpatupad na organisasyon para mapanatili ang kaligtasan sa trabaho at kalusugan ng mga technical intern trainee para matiyak na ang pagsasanay sa technical intern ay isinasagawa sa isang ligtas at tiwasay na paraan batay sa kapaligiran ng pagsasanay sa technical intern at uri ng trabaho.

Higit pa rito, kinakailangang magbigay ng gabay at suporta sa mga organisasyong nagpapatupad ang mga organisasyong nangangasiwa para malaya silang makapagtatag ng isang ligtas na kapaligiran para sa layuning mapigilan ang pagkakaroon ng mga pinsala sa trabaho mula sa pananaw ng pagtiyak na ang pagsasanay sa technical intern ay maaaring maipatupad nang ligtas ayon sa plano ng mga organisasyong nagpapatupad.

Kaya naman, kinakailangang gawin ng mga organisasyong nagpapatupad at mga organisasyong nangangasiwa ang lahat ng pagsisikap para mapabuti ang mga pamantayan sa kaligtasan at kalusugan at sumunod sa mga batas na nauugnay sa kaligtasan at kalusugan sa panahon ng gawaing isinasagawa para sa pagsasanay sa technical intern bilang mga partidong kasangkot sa Programang Pagsasanay sa Technical Intern.

Naglalarawan ang manwal na ito ng mga partikular na detalye na dapat ipatupad ng bawat isa sa mga organisasyong nagpapatupad at nangangasiwa sa mga organisasyon, na dalubhasa sa mga pamamaraan para sa kaligtasan at kalusugan para sa mga kategorya ng trabaho at mga operasyong napapailalim sa paglipat na nauugnay sa metal at iba pang gawaing pagproseso.


Umaasa kami na gagamitin ng lahat ng mga organisasyong nagpapatupad ang manwal na ito para itaguyod ang mga pamamaraan para sa kaligtasan at kalusugan sa kanilang pang-araw-araw na tungkulin. Inaasahan din namin na gagamitin ng mga organisasyong nangangasiwa ang manwal na ito para mapabuti ang mga pamantayan sa kaligtasan at kalusugan at matiyak ang pagsunod sa mga batas na nauugnay sa kaligtasan at kalusugan sa kanilang mga kaakibat na organisasyong nagpapatupad.

I Istrukturang Pagsasanay sa Technical Intern para sa mga Banyagang Trainee

Sa Programang Pagsasanay sa Technical Intern, bukod sa 3 taon ng pagsasanay sa technical intern (i) at pagsasanay sa technical intern (ii) kung saan epektibo at episyenteng natututo ng mga pangunahing kasanayan ang mga trainee, puwedeng idagdag ang karagdagang 2 taon ng pagsasanay sa technical intern (iii) bilang yugto ng aplikasyon ng kasanayan, kaya maaaring umabot nang hanggang 5 taon ang pagsasanay sa technical intern(*).

* Ang aluminium rolling, extrusion product manufacturing ay hindi maaaring ilipat sa pagsasanay sa technical intern (iii).

◆Proseso ng pagsasanay sa technical intern



◆ Mga Kategoriya ng trabaho at mga operasyong paksa ng paglilipat kaugnay ng makinarya, metal, at iba pang gawaing pagproseso

Sa kasalukuyan, may 91 kategoriya ng trabaho at 167 operasyon (Regulasyon para sa Pagpapatupad ng Batas Tungkol sa Wastong Pagsasanay sa Technical Intern at Proteksyon ng mga Technical Intern Trainee - Kalakip na Talahanayan II) ang itinakda bilang mga kategoriya ng trabaho na paksa ng paglilipat na maaaring mailipat sa pagsasanay sa technical intern (ii) sa loob ng Programang Pagsasanay sa Technical Intern.

Sa mga ito, 17 kategoriya ng trabaho at 34 na operasyon ang itinakda para sa mga trabahong may kaugnayan sa makinarya at metal, tulad ng ipinapakita sa talahanayan sa ibaba. Gayunpaman, bukod sa mga ito, kasama rin sa manwal na ito ang mga paliwanag tungkol sa mga pamamaraan para sa kaligtasan at kalusugan para sa 18 kategoriya ng trabaho at 36 na operasyon, kabilang ang paggawa ng sheet metal sa mga trabahong kaugnay ng konstruksyon (2 operasyon sa isang kategoriya ng trabaho), na isinama bilang “mga kategoriya ng trabahong kaugnay ng makinarya at metal”.

Mga Trabahong Kaugnay ng Makinarya at Metal
(17 kategoriya ng trabaho at 34 na operasyon)

[noong Setyembre 30, 2024]

Mga Kategoriya ng Trabaho	Mga Operasyon	Mga Kategoriya ng Trabaho	Mga Operasyon
Paghuhulma	Paghuhulma ng bakal at paggawa ng mga bahagi	Inspeksyon ng makina	Pagsasagawa ng inspeksyon ng makina
	Paghuhulma ng nonferrous metal at paggawa ng mga bahagi	Pagmementina ng makina	Gawaing pagmementina ng makina
Pagpapanday	Operasyon ng pagpapanday gamit ang mga uri ng martilyo	Pag-a-assemble ng mga elektronikong kagamitan	Gawaing pag-a-assemble ng mga elektronikong aparato
	Operasyon ng pagpapanday gamit ang mga uri ng press	Pag-a-assemble ng mga de-kuryenteng kagamitan	Gawaing pag-a-assemble ng umiikot na de-kuryenteng makina
Pag-die cast	Gawaing hot chamber die-cast		Gawaing pag-a-assemble ng transformer
	Gawaing cold chamber die-cast		Gawaing pag-a-assemble ng control panel at distribution panel
Pagproseso gamit ang makina	Pagpapatakbo ng engine lathe		Paggawa ng print wiring board
	Pagpapatakbo ng milling machine	Gawaing paggawa ng spinning electric cord-reel	
	Pagpapatakbo ng numerical control lathe	Disenyo ng print distribution panel	
	Mga pagpapatakbo ng Machining Center	Produksyon ng print distribution panel	
Metal press	Pagpapatakbo ng metal press	Aluminum rolling, paggawa ng extrusion product ●△	Gawaing drawn processing
Gawaing bakal	Operasyon ng pagproseso ng bakal para sa istruktura		Finishing work
Paggawa ng factory sheet metal	Operasyon ng machine sheet metal	Metal heat treatment ●	Gawaing bulk metal treatment
Electroplating	Gawaing electric plating		Gawaing surface heat treatment (carburizing, carbonitriding, nitriding)
	Gawaing meltdown zinc plating		
Aluminum anodizing	Gawaing anode oxidation treatment		Gawaing partial heat treatment (induction heat treatment, flame heat treatment)
Finishing	Gawaing melting equipment finishing		
	Gawaing metal mold finishing	* ●: Mga kategoriya ng trabaho na kaugnay ng eksaminasyong pagsusuri ng pagsasanay sa technical intern △: Mga kategoriya ng trabaho na hindi puwedeng mailipat sa pagsasanay sa technical intern	
	Gawaing machine assembling finishing		

Kaugnay ng konstruksyon (kinuha mula sa 22 kategorya ng trabaho at 33 operasyon)

Mga Kategorya ng Trabaho	Mga Operasyon
Paggawa ng building sheet metal	Paggawa ng duct sheet metal
	Paggawa ng panloob at panlabas na sheet metal

Pagkakaroon ng mga Pinsala sa Trabaho sa mga Trabahong Kaugnay ng Makinarya at Metal

(Kasama rin ang mga manggagawa maliban sa mga technical intern trainee.)

Ipinapakita ng talahanayan sa ibaba ang pagkakaroon ng mga pinsala sa trabaho sa mga trabahong kaugnay ng makinarya at metal kapag ang mga pinsala ay nahahati sa mga aksidenteng nakamamatay at mga aksidenteng nagreresulta sa kamatayan o pinsala na may 4 o higit pang araw ng pagliban sa trabaho (na tatawaging “aksidenteng nagdulot ng kamatayan o pinsala”) at kapag ang mga industriya na kaugnay sa mga trabahong kaugnay ng makinarya at metal ay ang industriya ng bakal, industriya ng nonferrous metal, industriya ng mga produktong metal, industriya ng pangkalahatang makina at kagamitan, industriya ng mga de-kuryenteng makina at kagamitan, at industriya ng paggawa ng mga makinang pang-transportasyon (na tinatawag na “mga industriya ng bakal” sa seksyong ito).

Kamakailan, sa buong taon ng 2023, mayroong 56 na aksidenteng nakamamatay at 9,853 na aksidenteng nagdulot ng kamatayan o pinsala sa mga industriya ng bakal. Bukod pa rito, ipinapakita ng talahanayan sa ibaba ang pagbabago ng mga bilang na ito sa nakaraang 5 taon.

Mga pinsala sa trabaho sa mga industriya ng bakal

(mga kaso)

	2019	2020	2021	2022	2023
Mga aksidenteng nakamamatay	57	64	64	49	56
Mga aksidenteng nagdulot ng kamatayan o pinsala	9,838	8,777	9,534	9,771	9,853

Pinagmulan: “Ang katayuan ng pagkakaroon ng mga pinsala sa trabaho” (Japanese na bersyon lang) mula sa website ng Ministryo ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan (Ministry of Health, Labour and Welfare).

<https://www.mhlw.go.jp/bunya/roudoukijun/anzeneisei11/rousai-hassei/>

*Ang bilang ng mga pinsala sa trabaho dulot ng impeksyon ng COVID-19 ay hindi isinama mula noong 2020.

Noong 2023, nang ikategorya ayon sa uri ng aksidente para sa mga aksidenteng nagdulot ng kamatayan o pinsala na nangyari sa mga industriya ng bakal, ang pinakakaraniwang aksidente ay ang mga aksidenteng “naipit sa loob o sa pagitan” na may 2,593 kaso at ang “pagkatumba sa mismong palapag” na pumapangalawa na may 1,538 kaso.

Ang pagsasama-sama ng mga aksidenteng “naipit sa loob o sa pagitan” at “pagkatumba sa mismong palapag” ay nagbibigay ng 4,131 kaso, na kumakatawan sa 41.9% ng kabuuan. Dapat maging masinsinan sa paggamit ng mga pamamaraan ng pag-iwas sa mga aksidente ang parehong mga organisasyong nagpapatupad at mga technical intern trainee habang isinasaisip ang posibilidad na mangyari ang mga ganitong uri ng aksidente.

Pagkakaroon ng mga aksidenteng nakamamatay ayon sa uri ng aksidente (2023) (mga tao)

Kabuan	Hindi maui	Iba pa	Reaktyon sa galaw/ hindi lamang galaw	Mga aksidente sa trapiko (iba pa)	Mga aksidente sa trapiko (kaisada)	Sunog	Pagkapunt ng bahagi ng katawan	Pagsabog	Pagkakuryente	Napadali sa mga nakakapinsalang substansya	Napadali sa mga bagay na may mababang enerhiya	Pagkalunod	Nakatapak ng pako, salubob at iba pa	Mga hiwa at gasgas	Naiipit sa loob o sa pagitan	Nabangga	Paguhio	Tinamaan ng lumipad o nahulog na bagay	Pagbangga	Pagkalumba sa mismong palapag	Pagkahulog mula sa taas
Lahat ng industriya	755	3	28	0	5	148	3	1	5	6	9	26	0	3	108	47	38	43	7	36	204
Industriya ng paggawa	138	1	5	0	1	9	1	1	3	0	3	4	0	0	50	8	10	9	0	5	21
Industriya ng bakal	10	0	1	0	0	1	1	0	0	0	0	0	0	0	5	1	0	0	0	0	1
Paggawa ng bakal at asero	4	0	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0	0	2	0	0	0	0	1	1
Industriya ng pagpapanday	3	0	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	1	0	0	0	0	0
Iba pang industriya ng bakal	3	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0	0	0	2	0	0	0	0	0	0
Industriya ng nonferrous metal	3	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0	2	0	0	0	0	0	0
Nonferrous refining at rolling	2	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0
Industriya ng nonferrous foundry	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0
Iba pang nonferrous metal	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
Mga produktong metal	20	1	1	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	7	1	3	2	0	2	2
Mga Gamit sa Mesa at Kutsara't Tinidor	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
Paggawa ng mga turnilyo, atbp.	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0
Mga pagpapatakbo ng metal press	2	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0
Industriya ng plating	3	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	2	0	0	0	0	0	0
Iba pang mga metal	14	0	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	4	1	3	2	1	2	2
Pangkalahatang makina at kagamitan	7	0	0	0	0	1	0	0	0	0	1	0	0	0	4	1	0	0	0	0	0
Paggawa ng makina at kagamitan	7	0	0	0	0	1	0	0	0	0	1	0	0	0	4	1	0	0	0	0	0
Kagamitan sa pagsukat at pagtimbang	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
Mga optical machine	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
Paggawa ng relo	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
Iba pang mga precision machine	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
Mga de-kuryenteng makina at kagamitan	3	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0	1	0	1	1
Mabibigat na de-kuryenteng makina	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0
Paggawa ng mga de-kuryenteng kasangkapan	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0
Elektroniko at kagamitang pangkomunikasyon	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
Iba pang mga de-kuryenteng makina	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	1
Paggawa ng makinang pangtransportasyon	13	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	2	0	0	2	0	1	1	0	3	3
Industriya ng paggawa ng barko	6	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	2	0	0	0	0	0	1	0	2	2
Paggawa ng sasakyan	7	0	0	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	2	0	1	0	0	1	1
Mga sasakyang panriles	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0
Iba pang mga makinang pangtransportasyon	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0

III

Mga Dapat Isaalang-alang ng mga Organisasyong Nagpapatupad

*Inilista ng manual na ito ang Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Batas Blg. 57 ng 1972) bilang “Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho” at ang Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Utos ng Kagawaran ng Paggawa, Blg. 32 ng 1972) bilang “Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan”.

1

Mga Probisyong Legal Kaugnay ng mga Pamamaraan para sa Kaligtasan at Kalusugan

Ang mga negosyong kumukuha ng mga manggagawa ay may obligasyong magsagawa ng mga pamamaraan kaugnay ng iba’t ibang usapin sa kaligtasan at kalusugan na itinakda ng mga batas na may kaugnayan sa kaligtasan at kalusugan, kabilang ang Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho, para maiwasan ang mga pinsala sa trabaho. Ang mga technical intern trainee ay itinuturing na “manggagawa” sa ilalim ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho, kaya kailangang sumunod ang lahat ng organisasyong nagpapatupad sa mga batas na may kaugnayan sa kaligtasan at kalusugan.

Dahil dito, kailangang tiyakin ng lahat ng organisasyong nagpapatupad kung anong mga pamamaraan ang dapat gawin ayon sa batas batay sa uri ng gawain ng mga technical intern trainee. Saklaw ng manual na ito ang mga pangunahing usapin tungkol sa paksang ito.

Bukod pa rito, kung nais mong malaman ang higit pa tungkol sa mga pamamaraan para sa kaligtasan at kalusugan, puwede mong gamitin ang “Website ng Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho” (Workplace Safety Website) na makikita sa website ng Ministry ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan (https://anzeninfo.mhlw.go.jp/yougo/yougo52_1.html).

2

Trabahong Nangangailangan ng Espesyal na Edukasyon, Trabahong May mga Paghihigpit

(1) Trabahong nangangailangan ng espesyal na edukasyon (Artikulo 59, talata (3) ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho)

Kapag nagtalaga sa mga technical intern trainee (mga manggagawa) ng ilang partikular na mapanganib o mapaminsalang trabaho, dapat magpatupad ng espesyal na edukasyon ukol sa kalusugan o kaligtasan tungkol sa trabahong ito. Ibinibigay ang espesyal na edukasyon ng mga rehistradong ahensya sa pagsasanay na matatagpuan sa bawat prefecture.


Dagdag pa rito, kung may tao sa kumpanya na may sapat na dalubhasang kaalaman at karanasan sa mga tungkulin, puwedeng ipatupad ang pagsasanay sa kumpanya, at ang taong ito ang instructor.

Dito, ililista namin ang mga item na may pangunahing kaugnayan sa mga trabahong kaugnay ng makinarya at metal mula sa mga trabahong nangangailangan ng espesyal na edukasyon. Kung gusto mong matuto pa, pakitingnan ang seksyong “Impormasyon tungkol sa mga lisensya, kwalipikasyon, kurso ng skill training, at espesyal na edukasyong nauugnay sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho” (Japanese na bersyon lang) sa website ng Kagawaran ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan (https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/roudoukijun/anzenisei10/qualificaton_education.html).


○ Trabahong may kinalaman sa pagpapalit ng grinding wheels o pagsubok ng mga ito sa oras ng pagpapalit

○ Trabahong may kinalaman sa paghihinang o pagputol ng metal gamit ang arc welding equipment

○ Trabahong may kinalaman sa paglalagay, pagtatanggal, o pagsasaayos ng mga metal die ng power-driven press machine (power press), talim ng mga shearing machine, o safety device o safety enclosure ng mga power press o shearing machine



Bench grinder



Angle grinder

III

Matters that Should be Considered
by Implementing Organizations


- Trabahong may kinalaman sa pagpapatakbo ng forklift na may pinakamataas na kapasidad ng pagkakarga(*) na wala pang 1 tonelada

* Ang pinakamataas na kapasidad ng pagkakarga ay tumutukoy sa pinakamabigat na timbang na maaaring ikarga sa reference load center batay sa disenyo ng forklift at mga materyales. Tingnan ang data plate na nakakabit sa forklift para makita ang pinakamataas na kapasidad ng pagkakarga nito.



- Trabahong may kinalaman sa pagpapatakbo ng crane na may kapasidad ng pag-angat(*) mula 0.5 tonelada hanggang wala pang 5 tonelada

* Ang kapasidad ng pag-angat ay tumutukoy sa pinakamabigat na timbang na maaaring iangat ng crane. Kasama sa kapasidad na ito ang bigat ng mga hook ng crane at iba pang mga ikinakabit.




- Trabahong may kinalaman sa sling work ng crane, mobile crane, o derrick na may kapasidad ng pag-angat mula 0.5 tonelada hanggang wala pang 1 tonelada.
- Trabahong may kinalaman sa pagtatrabaho sa lugar na may panganib ng kakulangan ng oxygen.
- Trabahong lumilikha ng partikular na alikabok (asbesto at iba pang substansya na maaaring makasama sa kalusugan ng tao).


(2) Trabahong may mga paghihigpit (Artikulo 61 ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho, Artikulo 20 ng Kautusan para sa Pagpapatupad ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho)

Kapag ang mga technical intern trainee ay gumagawa ng trabahong may mga paghihigpit (trabahong itinakda ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho bilang partikular na mapanganib o nakapipinsala), kailangan nilang kumuha ng lisensya at kumpletuhin ang mga skill training course.

- Trabahong may kinalaman sa pagpapatakbo ng floor crane (crane na pinapatakbo sa lapag habang sumusunod ang operator sa pag-andar ng kargamento) na may kapasidad ng pag-angat na 5 tonelada o higit pa → Dapat kumpletuhin ang skill training course sa pagpapatakbo ng floor crane



- Trabahong may kinalaman sa pagpapatakbo ng mobile crane na may kapasidad ng pag-angat mula 1 tonelada hanggang wala pang 5 tonelada → Dapat kumpletuhin ang skill training course sa pagpapatakbo ng maliit na mobile crane



- Trabahong may kinalaman sa sling work para sa crane, mobile crane, o derrick na may kapasidad ng pag-angat na 1 tonelada o higit pa → Dapat kumpletuhin ang skill training course sa sling work

- Trabahong may kinalaman sa paghihinang, pagpuputol, o pagpapainit ng metal gamit ang nasusunog na gas at oxygen → Dapat kumpletuhin ang skill training course sa gas welding

- Trabahong may kinalaman sa pagpapatakbo ng forklift na may pinakamataas na kapasidad ng pagkarga na 1 tonelada o higit pa → Dapat kumpletuhin ang skill training course sa pagpapatakbo ng forklift



(1) Edukasyon para sa kaligtasan at kalusugan

Batay sa Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho, kailangang magbigay ng edukasyon ang mga organisasyong nagpapatupad tungkol sa uri ng trabaho at tamang paghawak ng mga makina at hilaw na materyales kapag nagpatrabaho ng technical intern trainee o kapag nagbago ang uri ng trabaho ng trainee.

Bukod pa rito, kung inaatasang magsagawa ng mapanganib o nakapipinsalang trabaho ang trainee na itinakda sa Artikulo 36 ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan, kailangang ibigay ang espesyal na edukasyon alinsunod sa mga batas (sumangguni sa Seksyon 2 sa itaas).

Ipinapakita ng impormasyon sa ibaba ang epektibong edukasyon para sa kaligtasan at kalusugan para sa mga technical intern trainee.

1 Pagpapakilala ng mga halimbawa

Ang pagpapakilala ng mga halimbawa ng mga pinsala sa trabaho at mga insidente na muntik nang magdulot ng aksidente ay isang mahalagang paraan para maunawaan ng mga technical intern trainee ang mga panganib sa paggawa ng parehong uri ng trabaho tulad ng mga ipinapakitang halimbawa.

Halimbawa, ang pagsasanay sa technical intern na may kinalaman sa pagpoproseso ng metal ay maaaring mangailangan ng pagpapatakbo ng press machine. Gayunpaman, ang pagiging pamilyar o pagiging pabaya sa paggamit ng ganitong uri ng makina ay madalas na humahantong sa malalalang aksidente. Kung ang isang bahagi ng katawan mo ay madaganan o maipit habang nagpapatakbo ng ganitong uri ng makina, may malaking posibilidad na magdulot ito ng isang nakamamatay na aksidente o pagkawala ng isang bahagi ng katawan.

Para maiwasan ang ganitong uri ng aksidente, epektibong ipakilala sa mga technical intern trainee ang mga aktwal na halimbawa ng mga naganap na aksidente (tulad ng mga nakalista sa “Website ng Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho” ng Ministeryo ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan) at ipatupad ang mga pamamaraan para sa pag-iwas.

2 Pagsusuot ng tamang kasuotan

Mahalaga na lubos na maunawaan ng mga technical intern trainee ang mga panganib na dulot ng mga makinang ginagamit at materyales na hinahawakan nila. Dapat nilang isuot ang tamang kasuotan batay sa uri ng panganib na maaaring maranasan.

3 Mahigpit na pagsunod sa mga pamamaraan ng trabaho

Kailangang malinaw na itakda nang maaga ang mga pamamaraan ng trabaho at tiyakin na lubos na nauunawaan ng mga technical intern trainee ang mga detalye ng proseso. Mahalaga rin na malinaw na itakda ang mga trabahong naiiba sa karaniwan (hindi regular na gawain), tulad ng mga gagawin kapag nasira ang makina, bukod sa pang-araw-araw na gawain (regular na gawain).

Bilang halimbawa, tiyaking lubusang ipaalam sa mga technical intern trainee ang sumusunod na mga hakbang na dapat nilang gawin kapag napansin nilang may problema sa isang makina:

- Patigilin ang makina.
- Tawagin ang taong nakatalaga sa inspeksyon.
- Maghintay hanggang dumating ang taong nakatalaga sa inspeksyon.

Mahalaga rin na ibigay sa nakasulat na anyo ang mga pamamaraan sa trabaho tulad ng nasa itaas sa parehong wikang Japanese at sa wika ng technical intern trainee, at magtatag ng mga pagkakataon para masusing suriin ang mga detalye ng pamamaraan araw-araw, bukod pa sa pagpapaunawa ng mga detalye ng pamamaraan sa mga technical intern trainee.

4 Pagsasaalang-alang na ang mga trainee ay mga banyaga

Dahil ang mga technical intern trainee ay mga dayuhang mamamayan, mahalagang isagawa ang mga hakbang ❶ hanggang ❸ sa itaas habang ginagamit ang kanilang sariling wika hangga't posible para mas maunawaan nila ang sitwasyon.

Kaya, huwag basta umasa lamang sa wika. Mabisa ang paggamit ng mga visual aid para mas maunawaan ng trainee ang sitwasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan at ilustrasyon.

Bilang karagdagan, para sa edukasyong pangkaligtasan at kalusugan, epektibong magbigay din ng mga paliwanag sa panahon ng OJT (on the job training) sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano aktuwal na ilapat ang mga pamamaraan para sa lugar ng trabaho, hindi lamang sa mga pag-aaral sa silid-aralan na gumagamit ng mga text book, para bigyang-daan ang mga technical intern trainee na tingnan ang mga partikular na larawan ng mga detalye. Samakatuwid, kinakailangang ipatupad ang edukasyon para sa kaligtasan at kalusugan gamit ang OJT habang sinusuri ang antas ng pang-unawa ng trainee.

Ang mga materyales sa pagtuturo na nakabatay sa video para sa mga dayuhang manggagawa ay inilabas sa seksyong “Pang-edukasyong materyal, atbp. ng kaligtasan at kalusugan sa Trabaho para sa mga dayuhang manggagawa” (Japanese na bersyon lang) ng website ng Ministeryo ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan. Mangyaring tingnan at gamitin ang mga video na ito.

<https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/0000186714.html>

(2) Mga aktibidad para sa kaligtasan at kalusugan

Ipinapakilala ng seksyong ito ang mga epektibong pamamaraan para sa mga aktibidad para maiwasan ang mga pinsala sa trabaho. Tiyaking maipapatupad ang mga ito.

❶ 5S

Ang 5S ay isang terminong ginawa mula sa unang titik ng Seiri (Pagbukud-bukurin), Seiton (Ayusin), Seisou (Linisin), Seiketsu (Isapamantayan) and Shitsuke (Panatilihin).

Mahalaga sa pag-iwas sa mga pinsala sa trabaho ang pagsisikap na makamit ang lahat ng 5S araw-araw.

[Seiri (Pagbukud-bukurin)]

Kapag nakakalat ang mga hindi kinakailangang bagay, maaaring madapa at matumba ang tao sa mga ito. Paghiwalayin at pagbukud-bukurin ang mga kinakailangang bagay at mga hindi kinakailangang bagay.



[Seiton (Ayusin)]

Ayusin at ilagay ang mga tool at materyales na ginagamit sa pagsasanay sa technical intern pagkatapos matukoy kung aling mga bagay ang dapat ilagay sa bawat partikular na lugar. Kung hindi organisado ang mga item, imposibleng mahanap kaagad ang mga item na kinakailangan para gawin ang trabaho, na magdudulot ng paghina ng kalidad ng trabaho.


[Seisou (Linisin)]

Regular na linisin ang lugar kung saan isinasagawa ang pagsasanay sa technical intern, at ang mga makina at kagamitan na ginagamit. Halimbawa, kapag pinabayaang marumi ang sahig, puwede itong maging sanhi ng pagkadulas at pagkatumba ng isang tao, na makakasakit sa kanila habang nagtatrabaho.



[Seiketsu (Isapamantayan)]

Matapos matiyak na naipatupad ang seiri, seiton, at seisou, bumuo ng isang pamamaraang pinamumunuan ng pamamahala para higit pang mapabuti ang kaaya-ayang kapaligiran sa trabaho.



[Shitsuke (Panatilihin)]

Lumikha ng mga pamamaraan sa trabaho at mga panuntunan sa lugar ng trabaho para ipatupad ang 4S (seiri, seiton, seisou at seiketsu), at magtulungan para lumikha ng kapaligiran kung saan ligtas ang lahat.

2 Mga aktibidad para sa prediksiyon ng panganib

Sinusubukan ng mga aktibidad para sa prediksiyon ng panganib na maiwasan ang mga pinsala sa trabaho sa pamamagitan ng pagpapalitan ng mga manggagawa ng kaalaman tungkol sa mga posibleng panganib sa kanilang lugar ng trabaho at sa kanilang ginagawa. Kasama rin dito ang pagtalakay sa mga pinsalang maaaring magmula sa mga panganib na ito para maisagawa nila ang kanilang trabaho nang may mataas na antas ng kamalayan sa mga tiyak na panganib. Ang ganitong uri ng aktibidad ay madalas na tinutukoy bilang “KY na mga aktibidad” o “KYK”, na nabuo gamit ang unang letra ng Kiken Yochi Katsudou (mga aktibidad para sa prediksiyon ng panganib).

Mayroong iba’t ibang mga pamamaraan na ginagamit para sa mga aktibidad para sa prediksiyon ng panganib. Bilang isang halimbawa, ipinapakilala namin ang isang pamamaraan gamit ang pamamaraan a hanggang d na ipinapakita sa ibaba kaya subukang isagawa ito kasama ng iyong mga technical intern trainee.

a. Unawain ang kasalukuyang sitwasyon

Isinasaalang-alang ng mga manggagawa kung ano ang mga potensyal na panganib sa lugar ng trabaho at sa kanilang trabaho, pagkatapos ay iniisip ang anumang mga problema. Malayang magturo ng anumang mga problema ang ilang manggagawa habang iniwasan ang pamumuna mula sa iba pang mga manggagawa para matukoy ang pinakamaraming problema hangga’t posible nang walang anumang naisasantabi.

b. Imbestigahan ang tunay na katangian ng problema

Kapag natukoy na ang karamihan sa mga problema, nagtutulungan ang mga manggagawa para suriin at ayusin ang sanhi ng problema at alamin kung anong mga hakbang ang kailangang unahin.

c. Lumikha ng mga pamamaraan

Hayaang magmungkahi ang mga manggagawa ng sarili nilang mga pagpapabuti at solusyon para sa mga inayos na problema.

d. Magtakda ng mga target

Pinag-uusapan ng mga manggagawa ang mga iminungkahing pagpapabuti at solusyon, pagkatapos ay inilalahad ang buod nito matapos magkasundo sa mga detalye.

3 Pamamahala ng panganib

Ang pamamahala sa panganib ay isang paraan ng pagtukoy sa mga posibleng “panganib o peligro” sa lugar ng trabaho at pagsasaayos ng mga ito ayon sa lawak ng epekto para maalís o mabawasan ang ganitong panganib at pinsala. Isa itong epektibong paraan para maiwasan hangga’t posible ang mga pinsala sa trabaho at matiyak na hindi mangyayari ang isang matinding aksidente sakaling may maganap na aksidente. Isang tiyak na pamamaraan ang ipinapakita sa ibaba mula a hanggang c.

a. Kilalanin ang mga panganib at peligro

Kilalanin ang anumang mga panganib at peligro. Pinakamainam na isagawa ang hakbang na ito mula sa iba't ibang pananaw ng maraming manggagawa.

b. Suriin ang panganib

Suriin ang mga bagay na natukoy bilang mapanganib at peligroso bilang mga panganib batay sa posibilidad ng paglitaw nito at sa lawak ng epekto nito.

c. Bawasan ang panganib

Batay sa mga resulta ng pagsusuri, isaalang-alang ang mga pamamaraan para sa pagbabawas ng mga pangunahing panganib, at pagkatapos ay ipatupad ang mga pamamaraan na ito. Pagkatapos ipatupad ang mga pamamaraan sa pagbabawas, suriin muli ang mga panganib at isaalang-alang kung may kailangan pang karagdagang pamamaraan.

(3) Mga pamamaraan ayon sa uri ng aksidente

1 Naipit sa loob o sa pagitan

Dahil ang pinakakaraniwang uri ng pinsala sa trabaho ay dulot ng mga aksidenteng “naipit sa loob o sa pagitan” sa mga trabahong kaugnay ng makinarya at metal, kailangang lubusang ipatupad ng parehong organisasyong nagpapatupad at mga technical intern trainee ang mga pamamaraan para maiwasan ang mga aksidenteng “naipit sa loob o sa pagitan”.


Una, ang pagsusuot ng tamang pananamit ay isang pamamaraan para maiwasan ang ganitong uri ng aksidente. Halimbawa, kapag ang isang bahagi ng kasuotan na suot ng trainee habang nagpapatakbo ng makina ay naipit at nahila papasok sa makina, malamang na mahila rin ang trainee, na maaaring magdulot ng isang malubhang aksidente. Samakatuwid, dapat na magsuot ng tamang damit pantrabaho at kagamitan para sa proteksyon.

Dapat ding mag-install ng mga pangkaligtasang aparato para magbigay ng mga pamamaraan sa pag-iwas sa mga aksidente. Ang mga pangkaligtasang aparato ay maaaring alinman sa mga bagay na ipinapakita sa ibaba. SiguruHING matuturuan ang mga technical intern trainee hindi lamang sa kung paano i-install ang mga aparatong pangkaligtasan kundi pati na rin sa kung paano suriin kung epektibo pa rin ang mga ito sa lahat ng oras at kung paano mahigpit na ipatutupad ang paggamit ng mga aparatong ito.


a. Mga harang

Syempre, ang pag-install ng harang tulad ng bakod o takip sa paligid ng makina para mapanatili ang distansya sa pagitan ng makina at ng operator ay makakatulong sa pagpigil ng mga pinsala sa trabaho.

[Proteksyong bakod]




[Proteksyong takip]



b. Mga kagamitan sa pag-detect at proteksyon

Ang pag-install ng mga kagamitan (aparato) sa pag-detect at proteksyon na awtomatikong nagpapahinto sa makina kapag may na-detect na presensya ng tao ay makakatulong din sa pagpigil ng mga pinsala sa trabaho.



c. Kagamitan sa pagkontrol ng pagpapatakbo na ginagamitan ng dalawang kamay

Ang kagamitan sa pagkontrol ng pagpapatakbo na ginagamitan ng dalawang kamay ay nagbibigay-daan sa makina na gumana kapag pinindot ang mga switch gamit ang dalawang kamay dahil naka-set up ang mga ito na may dalawang start switch. Hindi aandar ang kagamitang ito kapag inalis ng operator ang kanyang dalawang kamay sa isang tiyak na posisyon, na inaasahang mapipigilan nito na mapinsala ang kamay o daliri ng operator.



2 Pagkatumba sa mismong palapag

Matapos ang mga aksidenteng “naipit sa loob o sa pagitan” bilang pinakakaraniwang uri ng pinsala sa trabaho sa mga trabahong kaugnay ng makina at metal, ang “pagkatumba sa mismong palapag” ay isa ring pangunahing sanhi ng mga pinsala sa trabaho. Kaya naman, kinakailangang magpatupad ng masusing mga pamamaraan para maiwasan ang mga aksidenteng dulot ng pagkatumba.

Ang pangunahing sanhi ng “pagkatumba sa mismong palapag” ay kapag ang mga tao ay nadulas, natalisod o nawalan ng panimbang.

●Pagkadulas

Madaling madulas at matumba ang mga tao kung ang sahig ay nababalutan ng madulas na materyal o kung may natapong likido tulad ng langis o tubig na naiwan sa sahig.

●Natalisod

Maraming halimbawa ng mga taong natatalisod at natutumba kapag ang sahig ay maumbok o hindi pantay. May mga kaso rin kung saan natatalisod ang mga tao sa mga bagay tulad ng bagahe o produkto na naiwang nakakalat sa paligid.

●Nawalan ng panimbang

Kapag mahirap makita kung saan mo itinatapak ang iyong mga paa tulad ng kapag may hawak na malalaking bagahe at bumababa sa hagdan, maaaring mawalan ng panimbang ang mga tao at matumba.



Ang mga sumusunod na pamamaraan a hanggang c ay epektibo sa pagpigil sa pagkatumba.

a. Masusing pagpapatupad ng 5S

Gaya ng ipinakilala sa (2)❶ sa itaas, ang masusing pagpapatupad ng 5S ay maaaring magamit bilang pamamaraan para maiwasan ang “pagkatumba sa mismong palapag”.

b. Magsuot ng angkop na sapatos

Mahalaga na magsuot ng angkop na sapatos batay sa uri ng trabaho, kung ikaw man ay humahawak ng mabibigat na bagay o humahawak ng tubig at langis, o batay sa uri ng sahig na iyong pinagtatrabahuhan tulad ng kung ito ay pininturahang sahig, may mga tiles o may carpet.

c. Iba pa

Mahalaga na masusing ipatupad ang mga pamamaraan sa loob ng pabrika at mga katulad na gusali para maiwasan ang pagtakbo o paglalakad habang nakapasok ang mga kamay sa bulsa.

❸ Pagkahulog mula sa taas

Kapag nagtatrabaho sa matataas na lugar na may taas na 2 metro o higit pa, kinakailangang magkaroon ng maayos na sahig para sa pagtatrabaho (lugar kung saan isasagawa ang gawain) sa pamamagitan ng pagtatayo ng scaffolding at pag-install ng mga handrail na harang sa mga gilid at butas ng sahig na ginagamit sa trabaho.

Gayundin, kung lubhang mahirap mag-install ng sahig para sa pagtatrabaho at mga handrail dahil sa uri ng gawain, o kung kailangang pansamantalang alisin ang mga handrail habang isinasagawa ang trabaho, laging maglagay ng protective net (safety net) at maghanda ng kagamitan para sa pagkakabit ng safety belt, dahil kailangang gamitin ang mga pangkaligtasang pamamaraan na ito.

❹ Mga hiwa at gasgas

Halimbawa, madalas na nabubuo ang mga swarf kapag pinoproseso ang metal o katulad na materyal gamit ang lathe. Partikular na, matalim ang stainless steel swarf, na maaaring kasing talas ng isang utility knife at magdulot ng malalalim na sugat sa mga kamay at daliri ng operator kung hindi sila maingat. Para maiwasan ang “mga hiwa at gasgas,” mahalaga na magsuot ng tamang uri ng guwantes para sa trabaho.

❺ Pagkakuryente

Halos laging ginagamit ang kuryente kapag nagpapatakbo ng mga makina. Ang kuryente ay hindi nakikita ng mata ng tao, pero hindi natin dapat kalimutan na ito ay mapanganib at maaaring magdulot ng kamatayan sa ilang mga sitwasyon. Mayroon ding panganib na sumiklab ang kuryente sa materyales at magdulot ng sunog, bukod pa sa pagkakuryente.

Kaya naman, kinakailangan na lubos na maunawaan ng mga technical intern trainee kung paano hawakan ang kuryente. Halimbawa, mahalagang magtakda ng mga pamamaraan sa paghawak ng kuryente tulad ng hindi pagpapagana ng makina gamit ang basang kamay, mag-ingat sa mga wiring at kable kapag dumadaan sa pagitan ng mga pasilyo sa lugar ng trabaho, at tiyakin na naka-off ang lahat ng mga circuit breaker ng switchboard para sa mga hindi mahahalagang sistema.

❻ Iba pa

Kapag nagpoproseso ng metal, syempre, kinakailangan din magsagawa ng trabaho para ilipat ang materyal bago ito iproseso at magsagawa ng trabaho para ilipat ang mga piraso ng materyal pagkatapos itong maproseso. Maaaring gamitin ang mga sasakyan tulad ng mga forklift o crane para sa ganitong gawain.

Kapag nagpapatakbo ng mga ganitong uri ng sasakyan ang mga technical intern trainee o nagtatrabaho sa paligid ng mga ito, kinakailangan ng mga pamamaraan para matiyak na hindi magkakaroon ng mga pinsala sa trabaho.

- Mga Forklift

Dahil sa pagkakagawa sa forklift, maaaring makaharang sa natatanaw ng operator ang mga bagay na ikinarga sa fork nito. Dahil dito, may mga pagkakataon na kailangang magmaneho ng operator nang paurong, at kung may tao sa likuran nito, maaaring mabangga ng forklift ang taong iyon.

Kaya't kapag ginagamit ang forklift sa lugar ng trabaho, kinakailangang tiyakin na patiuna nang alam ng lahat ang mga ruta na maaaring daanan ng forklift, kabilang ang mga taong nagtatrabaho sa paligid ng forklift at hindi lamang ang operator. Epektibo rin ang pag-install ng mga karatulang pangkaligtasan malapit sa ruta ng dadaanan.

- Mga cranes at mobile crane

Kapag gumagamit ng crane o mobile crane sa lugar ng trabaho, kinakailangang tiyakin na patiuna nang alam ng lahat ang mga bagay na iaangat, na alam din ito ng mga taong nagtatrabaho sa paligid ng crane at hindi lamang ng operator.

Gayundin, dapat magtatag ng mga lugar na may pinaghihigpitang pagpasok para maiwasang madaganan ang mga tao sa ilalim ng mga iniangat na bagay o ng crane kung sakaling mahulog ang iniangat na bagay o kung matumba ang crane o mobile crane.

Bukod pa rito, kapag nagsasagawa ng sling work gamit ang mga kawad, mahalagang suriin ang mga kawad para sa anumang pinsala tulad ng mga naputol na hibla bago simulan ang trabaho para matiyak kung puwede pa itong magamit nang walang problema.

(4) Mga pamamaraan para sa mga sakit kaugnay ng trabaho

1 Mga pamamaraan para sa heatstroke

Ang heatstroke ay isang kondisyon kung saan hindi kayang kontrolin ng katawan ng tao ang init nang maayos kapag nananatili sa isang kapaligiran na may mataas na temperatura at alinsangan sa matagal na panahon, na nagdudulot ng sobra-sobrang init sa loob ng katawan.

Para maiwasan ang heatstroke, mas makabubuti na isaalang-alang nang magkahiwalay ang kapaligiran, trabaho, at mga tao.

Una, para sa mga salik na may kinalaman sa kapaligiran, may mga panahon kung kailan hindi sanay ang mga manggagawa sa init, mataas na temperatura, matinding alinsangan, init na dulot ng mga sinag ng infrared, walang hangin, at maiinit na hangin. Partikular na, sa mga kapaligirang may matinding alinsangan, mahirap matuyo ang pawis at lumalakas ang pagpapawis, pero hindi ito epektibo sa pagkontrol ng temperatura ng katawan, na maaaring magdulot ng dehydration. Kaya naman, kinakailangan na maghanap ng paraan para harangan ang mga sinag ng infrared mula sa araw at maiinit na bagay gamit ang bubong o katulad na istruktura, at tiyakin ang magandang bentilasyon.

Pagkatapos, para sa mga salik na may kinalaman sa trabaho, kabilang ang pagtatrabaho na may pisikal na napakabibigat na karga, pagtatrabaho ng mahahabang oras nang tuloy-tuloy na kakaunti ang pahinga, at pagsusuot ng damit at protective gear na hindi napapasukan ng hangin at mahirap huminga. Kaya't para sa mga panahon kapag biglang uminit ang lagay ng panahon sa pagtatapos ng tag-ulan at pagkatapos ng mga holiday, siguraduhing bawasan ang tuloy-tuloy na trabaho hangga't posible at dagdagan ang bilang ng mga pahinga. Gayundin, sa mga pahinga, siguraduhing mag-rehydrate at uminom ng asin para matiyak ang tamang temperatura ng katawan at maiwasan ang dehydration.

Ang mga sintomas ng heatstroke ay nakadepende sa kondisyon ng katawan ng tao. Tumatagal ito ng ilang araw hanggang isang buong linggo bago masanay sa init. Hanggang sa masanay ka sa init, kailangan mong maging maingat dahil hindi nagpapawis nang maayos ang iyong katawan at madaling tumaas ang temperatura ng iyong katawan. Hindi makabubuting simulan ang trabaho sa kinabukasan kapag hindi pa normal ang temperatura ng iyong katawan dahil sa mga bagay tulad ng hindi magandang tulong. Napakadelikado rin na magtrabaho nang hindi nakakainom ng sapat na tubig at pagkain. Kaya't, gumawa ng isang kapaligiran na nagbibigay-daan sa mga technical intern trainee na tapat na iulat ang kanilang kalagayan sa katawan, at kung hindi maganda ang kanilang pakiramdam, patigilin sila sa pagtatrabaho sa mga lugar na may mataas na temperatura at alinsangan, at payagan silang magpahinga at maka-recover bago magpatuloy sa trabaho.

2 Mga pamamaraan para sa nakalalasong carbon monoxide

Kapag sinunog ang mga substansyang naglalaman ng carbon sa isang saradong kwarto na walang bentilasyon, nagkakaroon ng carbon monoxide dahil hindi maayos na nasusunog ang mga substansyang ito dulot ng kakulangan sa oxygen.

Una, mahalagang masuri ng lahat ng tao sa lugar ng trabaho, kabilang ang mga technical intern trainee, kung ang kanilang ginagawa ay maaaring magdulot ng carbon monoxide at magkaroon sila ng kaalaman sa mga katangian ng carbon monoxide (walang kulay, walang amoy) at ang kakayahan nitong makalason. Gayundin, kung ang trabaho ay maaaring magdulot ng carbon monoxide, magsagawa ng mga pamamaraan para maiwasan ang ganitong uri ng pinsala sa trabaho tulad ng pagbubukas ng mga bintana para mailabas ang exhaust gas sa labas pati na rin ang pag-install ng mga kagamitan para sa bentilasyon at mga warning device para sa pag-detect ng carbon monoxide gas.



3 Mga pamamaraan para sa alikabok

Mahalaga ang pagkakaroon ng mga pamamaraan para sa alikabok na nalilikha sa trabaho na may kinalaman sa pagproseso ng metal. Ang alikabok ay mga kapinggot na bagay na nasa hangin, at kasama rito ang mga usok na nagmula sa gawaing paghihinang. Karamihan sa alikabok ay nalalanghap ng ilong at halos lahat ng ito ay nailalabas sa katawan kapag humihinga. Gayunpaman, naiipon sa daanan ng hangin ang ilang alikabok. Ang naipong alikabok ay unti-unting tinatanggal ng natural na proseso ng paglilinis ng katawan, pero may ilang alikabok na hindi natatanggal at patuloy na nananatili sa loob ng katawan. Maaari itong magdulot ng pamamaga at maaaring magresulta sa isang sakit sa baga na tinatawag na pneumoconiosis sa ilang mga kaso.

Ang pneumoconiosis ay isang sakit na nagiging sanhi ng fibrosis o paninigas ng tissue ng baga at kawalan ng elastisidad pagkatapos malanghap ang napakaraming alikabok na nasa anyong maliliit na partikula ng dumi at metal sa loob ng maraming taon. Sa kasalukuyan, wala pang medikal na lunas para sa pneumoconiosis, pero may mga paggamot na available para sa mga sintomas nito.

May mga batas na nagtatakda ng mga pamamaraan laban sa pneumoconiosis sa Batas sa Pneumoconiosis at Ordinansa sa Pag-iwas sa Panganib na Dulot ng Alikabok, bukod pa sa Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho at Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan. Kapag nagsasagawa ng trabaho ang mga manggagawa na nauugnay sa “gawaing kaugnay ng alikabok” na nakalista sa Ordinansa sa Pag-iwas sa mga Panganib Dulot ng Alikabok, kinakailangang magbigay ang mga negosyo ng mga espesyal na pamamaraan.

Kaya't sa mga gawaing ipinagagawa sa mga technical intern trainee, kinakailangan suriin kung ang trabaho ay naaayon sa “gawaing kaugnay ng alikabok” na nakalista sa Ordinansa sa Pag-iwas sa mga Panganib Dulot ng Alikabok.

Bukod dito, ang mga sumusunod na a hanggang c ay maaaring ituring bilang mga pamamaraan para sa alikabok.

a. Kaunting alikabok lamang ang magagawa hangga't posible.

Para matiyak na kaunting alikabok lamang ang magagawa, maaaring isaalang-alang ang pagpapalit ng hilaw na materyales na hindi nakakagawa ng alikabok o pagpapabuti ng mga proseso ng trabaho kung saan madalas na nakakagawa ng alikabok.

b. Iwasan ang pagpapakalat ng alikabok hangga't posible.

Iwasan ang pagpapakalat ng alikabok. Para matiyak na kaunting alikabok lamang ang kakalat sa paligid ng lugar ng trabaho, bilang halimbawa, maaaring isaalang-alang ang pag-alam ng pinagmumulan ng alikabok at pagtatakip o paghihiwalay nito. Gayundin, puwede rin gamitin ang isang exhaust system para mangolekta ng alikabok sa loob ng gusali.

c. Pigilang makapasok ang kumalat na alikabok sa katawan ng tao hangga't posible.

Isang hakbang para maiwasan ang pagpasok ng kumalat na alikabok sa katawan ng tao sa loob ng gusali ay ang paggamit ng local exhaust ventilation system kasabay ng angkop na kagamitan sa proteksyon sa paghinga tulad ng dust mask.



(5) Pagpapatupad ng mga medikal na Pagsusuri

Kinakailangan ng mga negosyo sa ilalim ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho na magbigay ng mga sumusunod na medikal na eksaminasyon para sa kanilang mga manggagawa.

1 Pangkalahatang medikal na eksaminasyon

- Medikal na eksaminasyon sa oras ng pagtanggap sa trabaho (Artikulo 43 ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan)

Isinasagawa ang medikal na eksaminasyon sa oras ng pagtanggap sa trabaho para maayos na maitalaga ang manggagawa at mapamahalaan ang kanilang kalusugan. Kinakailangan din itong ipatupad para sa mga technical intern trainee, at ang mga sumusunod na 11 item ay kailangang suriin sa panahon ng medikal na eksaminasyon.

Dagdag pa rito, dahil nakumpirma ang pagkakaroon ng tuberculosis sa mga kabataang ipinanganak sa ibang bansa sa mga nakaraang taon, mangyaring ipatupad ang medikal na pagsusuri sa oras ng pagtanggap sa trabaho habang isinasaalang-alang na maaaring may impeksyon ang trainee sa tuberculosis.

- | | |
|---|--|
| a. Anamnesis at kasaysayan ng trabaho | g. Eksaminasyon sa paggana ng atay (eksaminasyon sa GOT, GPT, γ -GTP) |
| b. Mga sintomas na subhetibo at obhetibo | h. Eksaminasyon sa mga antas ng lipid sa dugo |
| c. Taas, timbang, taba at sukat ng baywang, paningin at pandinig | i. Eksaminasyon sa antas ng asukal sa dugo |
| d. Eksaminasyon ng Thoracic X-ray | j. Pagsusuri ng ihi (eksaminasyon sa asukal at protina sa ihi) |
| e. Presyon ng dugo | k. Eksaminasyon ng electrocardiogram |
| f. Eksaminasyon sa anemia (eksaminasyon sa nilalaman ng hemoglobin at bilang ng erythrocytes) | |

<Pagtugon kapag may paglaganap ng tuberculosis>

Magpatupad ng tugon para sa tuberculosis batay sa Batas sa Pag-iwas sa Mga Nakakahawang Sakit at Medikal na Pangangalaga para sa Mga Pasyenteng May Mga Nakakahawang Sakit. Kapag may paglaganap ng tuberculosis sa isang karaniwang lugar ng trabaho, maliban sa mga institusyong medikal, mahalaga na magsagawa ng screening para sa mga taong na-expose na may pangunahing layuning mabilis na ma-detect at matugunan ang mga taong may impeksyon o maaaring magkaroon ng tuberculosis.

Ang pangunahing tugon ay kumilos ayon sa mga tagubiling natanggap mula sa pampublikong sentro ng kalusugan. Gayunpaman, ang pangunahing papel ng mga organisasyong nagpapatupad ay tukuyin ang mga taong na-expose, magbigay ng paliwanag sa mga empleyado, magmungkahi na gawin ito ng mga hindi pa sumasailalim sa periodikal na eksaminasyong medikal, at magsagawa ng screening para sa mga taong na-expose.

- Periodikal na eksaminasyong medikal (Artikulo 44 ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan)

Mangyaring isagawa ang periodikal na eksaminasyong medikal na may kasamang mga regular na legal na kinakailangan para sa mga technical intern trainee isang beses sa isang taon. Ang mga sumusunod na 11 item ay kailangang masuri. Bukod dito, ang mga item na c, d, f hanggang i at k ay maaaring hindi isagawa kapag ipinasya ng doktor na hindi ito kinakailangan.

- Anamnesis at kasaysayan ng trabaho
- Mga sintomas na subhetibo at obhetibo
- Taas, timbang, taba at sukat ng baywang, paningin at pandinig
- Eksaminasyon ng Thoracic X-ray at eksaminasyon sa plema
- Presyon ng dugo
- Eksaminasyon sa anemia (eksaminasyon sa nilalaman ng hemoglobin at bilang ng erythrocytes)
- Eksaminasyon sa paggana ng atay (eksaminasyon sa GOT, GPT, γ -GTP)
- Eksaminasyon sa mga antas ng lipid sa dugo
- Eksaminasyon sa antas ng asukal sa dugo
- Pagsusuri ng ihi (eksaminasyon sa asukal at protina sa ihi)
- Eksaminasyon ng electrocardiogram



- Medikal na eksaminasyon para sa mga nagtatrabaho sa tinukoy na gawain (Artikulo 45 ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan)

Kapag regular na nagtatrabaho ang mga manggagawa sa mga lugar kung saan nagkakaroon ng mga mapanganib na gas, singaw o alikabok na may kasamang tingga o carbon monoxide, at ang trabaho ay may kasamang paggawa nang hatingabi, kailangan nilang sumailalim sa regular na medikal na eksaminasyon isang beses tuwing 6 na buwan o mas madalas, bukod pa sa unang medikal na eksaminasyon kapag sila ay inilipat sa ganitong uri ng trabaho.

2 Medikal na eksaminasyon bukod sa mga nakalista sa itaas (mga halimbawa)

- Espesyal na screening sa kalusugan

Kinakailangang magsagawa ng espesyal na screening sa kalusugan para sa mga manggagawa na nagtatrabaho sa mapanganib na mga gawain na tinukoy sa Artikulo 22 talata (1) ng Kautusan para sa Pagpapatupad ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho, at mga manggagawang nagtatrabaho sa mapanganib na mga gawain na tinukoy sa Artikulo 22 talata (2).

Ang uri ng trabaho na kabilang sa categoryang ito ay (1) Trabaho sa mga kapaligirang may mataas na presyon, (2) Trabahong kaugnay ng radyasyon, (3) Trabahong kaugnay ng dekontaminasyon, (4) Trabahong may kinalaman sa mga tinukoy na kemikal, (5) Trabahong kaugnay ng asbesto, (6) Trabahong kaugnay ng tingga, (7) Trabahong kaugnay ng tetra-alkyl lead at (8) Trabahong kaugnay ng organic solvent.

- Screening sa Kalusugan para sa pneumoconiosis

Kinakailangang magsagawa ng espesyal na screening sa kalusugan batay sa Batas sa Pneumoconiosis para sa mga manggagawang regular na gumagawa ng gawaing kaugnay ng alikabok at mga manggagawang gumagawa ng ganitong uri ng trabaho sa nakaraan at nakakatugon sa mga partikular na pangangailangan.

(6) Pagsasagawa ng mga pagsusuri sa antas ng stress

Para sa mga negosyong regular na gumagamit ng 50 o higit pang mga manggagawa, kinakailangan sumailalim ang mga manggagawa sa isang “eksaminasyon para sa pagsusuri ng antas ng sikolohikal na pasanin” (na tinatawag na “pagsusuri sa antas ng stress”) ng isang doktor batay sa Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho.

Kaya naman, ang mga organisasyong nagpapatupad na gumagamit ng 50 o higit pang manggagawa, kabilang ang mga technical intern trainee, ay kinakailangang magsagawa ng pagsusuri sa antas ng stress para sa mga technical intern trainee.

(1) Mga pamamaraan para matanggap ang kompensasyon ng mga manggagawa

Kapag nagkaroon ng pinsala sa trabaho sa panahon ng pagsasanay sa technical intern, pagkatapos isagawa ang mga pamamaraan na kinakailangan para matulungan ang trainee, tiyaking makakatanggap sila ng medikal na pangangalaga sa ospital gamit ang mga pamamaraan para sa kompensasyon sa insurance ng manggagawa (*1). Gayundin, mangyaring magsumite ng Ulat Tungkol sa mga Pinsala ng Manggagawa sa kaukulang Tanggapan ng Inspeksyon sa mga Pamantayan ng Paggawa (Labor Standards Inspection Office) ukol sa isang pinsala sa trabaho na may 4 o higit pang araw ng pagliban sa trabaho (*2) kaugnay ng mga pinsala sa trabaho na kinasasangkutan ng mga technical intern trainee.

*1: Mangyaring sumangguni sa “Gabay sa Aplikasyon para sa Kompensasyon sa Insurance sa Aksidente sa Trabaho para sa mga Manggagawang Banyaga - Brochure tungkol Kompensasyon sa Insurance sa Aksidente sa Trabaho para sa mga banyagang manggagawa” sa website ng Ministeryo ng Kalusugan, Paggawa, at Kapakanan (https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/koyou_roudou/roudoukijun/gyousei/rousai/gaikoku-pamphlet.html).

*2: Para sa mga pinsala sa trabaho na may 1 hanggang 3 araw ng pagliban sa trabaho, mangyaring magsumite ng quarterly summary report sa kaukulang Tanggapan ng Inspeksyon sa mga Pamantayan ng Paggawa. https://anzeninfo.mhlw.go.jp/yougo/yougo29_1.html

Hindi maaaring gamitin ang insurance sa kalusugan para sa paggamot ng mga pinsala sa trabaho. Kung nasangkot ang isang trainee sa isang pinsala sa trabaho at itatago ang katotohanang ito para makapagpagamot ang trainee gamit ang insurance sa kalusugan, at hindi magsusumite ng Ulat Tungkol sa mga Pinsala ng Manggagawa, puwede kang maparusahan ng kasong “pagtatago ng pinsala sa trabaho”, kaya't huwag itong gawin.

(2) Mga pamamaraang kaugnay ng pagsuspinde sa pagsasanay sa technical intern

Sa hindi kanais-nais na kaganapan ng pagkamatay ng isang technical intern trainee dahil sa pinsala sa trabaho, o kung mahirap ipagpatuloy ang pagsasanay sa technical intern dahil sa pangmatagalang medikal na paggamot, kinakailangang magsumite ng abiso(*) gamit ang form na Abiso ng Kahirapan sa Pagsasagawa ng Pagsasanay sa Technical Intern (Notification of Difficulty in Conducting Technical Intern Training).

* Ang organisasyong nangangasiwa ang magsusumite ng abiso para sa supervising-organization-type training, at ang organisasyong nagpapatupad ang magsusumite ng abiso para sa individual-enterprise-type training. Para sa supervising-organization-type training na isinasagawa ng mga organisasyong nagpapatupad, kapag nangyari ang pinsala sa trabaho, mangyaring iulat ang sitwasyon sa mga organisasyong nangangasiwa. Hindi kinakailangan ang abiso kung ang panahon ng medikal na paggamot para sa trainee ay maikli at walang anumang hadlang sa pagpapatuloy ng pagsasanay sa technical intern.

IV

Mga Bagay na Dapat Isaalang-alang ng mga Organisasyong Nangangasiwa

1

Tungkulin ng mga Organisasyong Nangangasiwa

Sa Artikulo 40 ng Batas Tungkol sa Wastong Pagsasanay sa Technical Intern at Proteksyon ng mga Technical Intern Trainee, para matiyak na ang mga organisasyong nagpapatupad, na nagsasagawa ng supervising-organization-type pagsasanay sa technical intern, ay hindi lalabag sa Batas sa Pamantayan ng Paggawa, Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho o anumang iba pang mga batas kaugnay ng paggawa, ang mga organisasyong nangangasiwa ay magbibigay ng kinakailangang patnubay sa ilalim ng direksyon ng isang supervision manager para maiwasan ang mga paglabag bago ito mangyari, at kung matuklasan ang mga paglabag, magbibigay sila ng patnubay para itama ang sitwasyon sa ilalim ng direksyon ng isang supervision manager.

Kaya naman, kinakailangan magbigay ng patnubay kaugnay ng kaligtasan at kalusugan para matiyak na ang mga organisasyong nagpapatupad na kaakibat ng mga organisasyong nangangasiwa ay hindi lalabag sa anumang kaugnay na batas. Gayundin, pagkatapos ng pagsasanay sa technical intern na natapos sa isang ligtas at malusog na kondisyon, mahalaga na magbigay ng suporta sa mga trainee para makabalik sila sa kanilang sariling bansa nang ligtas.

Para sa lahat ng organisasyong nangangasiwa na may espesyal na kaalaman sa pagbibigay ng gabay sa pagpapalano, maaaring tila pangunahin lamang ang mga item na nakasaad sa ibaba, pero mangyaring suriin itong muli at tiyaking mahigpit itong ipinatutupad.

2

Kapag Humiling ng Konsultasyon ang Technical Intern Trainee

Kapag humiling ng konsultasyon ang isang technical intern trainee tungkol sa kanilang pang-araw-araw na trabaho at nagsabi na nararamdaman nilang mapanganib ang kanilang trabaho at natatakot silang maaksidente, o kaya ay tinalakay nila ang mga pag-iingat at mga pagpapabuti sa paraan ng trabaho para maiwasan ang aksidente, mangyaring iulat ang mga detalye ng konsultasyon sa mga organisasyong nagpapatupad at hikayatin silang pagbutihin ang mga bagay na puwede nilang baguhin. Huwag hayaang ang mga technical intern trainee o ang mga organisasyong nagpapatupad ang mag-ayos ng anumang problema na napag-usapan sa konsultasyon.

Gayundin, kapag nagsasagawa ng shift work ang mga technical intern trainee dahil nagpapalitan ang mga manggagawa sa paggawa ng trabaho, inaasahang makakaranas ang mga trainee ng mga problema dahil sa kakulangan sa maayos na komunikasyon. Kaya't kinakailangang magbigay ng suporta para mapunan ang anumang kakulangan sa komunikasyon.

Para matiyak na mas epektibong paraan ang ginagamit sa pagbibigay ng nabanggit na suporta, mahalagang magtatag ng maayos na pang-araw-araw na sistema mula sa mga organisasyong nangangasiwa na maaaring agad tumugon sa anumang konsultasyon mula sa mga technical intern trainee, pati na rin ang isang sistema kung saan maaaring kumonsulta ang mga trainee sa kanilang sariling wika.

IV

Matters that Should be Considered by Supervising Organizations

3

Pagbibigay ng Impormasyon at Pagsuporta sa mga Technical Intern Trainee Anumang Oras

Lalo na dahil nagsasalita ng ibang wika at nagmula sa ibang kultura ang mga technical intern trainee, maaaring mahirapan silang makuha ang impormasyong itinatuturing na madaling makuha ng isang Japanese, at maaaring hindi nila lubos na maunawaan ang isang bagay na itinatuturing namang madaling maintindihan ng isang Japanese. Kahit na iniisip ng mga organisasyong nagpapatupad na naibigay na nila ang kinakailangang gabay at impormasyon tungkol sa trabaho sa isang technical intern trainee, maaaring hindi pa rin lubos na nauunawaan ng trainee ang gawain.

Maaaring kailanganin ding magbigay ng suporta at impormasyon tungkol sa pang-araw-araw na aspeto ng buhay ng trainee, tulad ng mga pamamaraan laban sa heatstroke, pag-iwas sa pagkatumba sa bumagsak na niyebe o madulas na kalsada dahil sa yelo, pag-iwas sa pagkalason sa pagkain, at pag-iwas sa pagkakuryente mula sa naputol na kable ng kuryente matapos ang malalakas na hangin.

Dapat maging maingat ang mga organisasyong nangangasiwa at mga organisasyong nagpapatupad sa sitwasyong kinapapalooban ng mga technical intern trainee habang nagbibigay ang mga organisasyong ito ng suporta at impormasyon para itaguyod ang pag-unawa ng mga technical intern trainee sa mapanganib na mga sitwasyon sa isang wika na kanilang nauunawaan, para makapamuhay sila nang maayos sa Japan.

4

Gabay sa Kaligtasan at Kalusugan para sa Gabay at Pagsusuri sa Lugar ng Trabaho

Dapat magbigay ang organisasyong nangangasiwa ng kinakailangang gabay at suporta sa organisasyong nagpapatupad pagkatapos basahin ang mga sumusunod na halimbawa ng mga pagkakataon para magbigay ng gabay sa lugar ng trabaho (kung minsan, kahit isang beses kada buwan para sa pagsasanay sa technical intern (i)) at regular na pagsusuri (kahit isang beses bawat tatlong buwan) para sa mga pamamaraan para sa kaligtasan at kalusugan sa mga kasaping organisasyong nagpapatupad.

* Ang seksyong ito ay naglalarawan ng mga halimbawa na may kaugnayan sa mga pamamaraan para sa kaligtasan at kalusugan. Syempre, kinakailangan ding suriin ang kalagayan ng pagbabayad ng kabayaran (suweldo), mga paglabag sa karapatang pantao laban sa mga technical intern trainee, at hindi tamang pag-iimbak ng mga residence card.

(1) Mga halimbawa ng mga bagay na dapat suriin sa mga organisasyong nagpapatupad

- Mayroon bang mga problema tulad ng kakulangan sa komunikasyon sa mga technical intern trainee at hindi nila nauunawaan ang mga sinasabi?
- Natanggap ba ng trainee ang kinakailangang edukasyon sa kaligtasan para sa pagsasanay sa technical intern, at nakuha ba nila ang mga kinakailangang kwalipikasyon?
Nakakuha ba ang trainee ng edukasyon sa kaligtasan at kalusugan batay sa kanilang trabaho, at ang kanilang trabaho ba ay nangangailangan ng mga kwalipikasyon tulad ng para sa pagpapatakbo ng forklift? (Kung oo, nakumpleto ba nila ang skill training course o espesyal na edukasyon?)
- Mayroon bang tamang kasuotan sa trabaho ang trainee?
Nagsusuot ba ang trainee ng “safety helmet”, “safety shoes o hindi madulas na bota”, atbp. kapag nagtatrabaho sa mapanganib na mga bahagi ng lugar ng trabaho?
- Ang lugar ba kung saan isinasagawa ang pagsasanay ay isang ligtas at malusog na kapaligiran?
- Ang tirahan ba ng trainee ay malinis at maayos?
- Mayroon bang mga aksidenteng may kaugnayan sa trabaho na nangyari (kasama ang mga muntikang aksidente)? (Kung oo, ano ang naging tugon pagkatapos ng aksidente at anong mga masusing pamamaraan ang isinagawa para maiwasan ang pagkakaroon ulit ng gayon ding insidente?)

IV

Matters that Should be Considered
by Supervising Organizations

(2) Mga halimbawa ng mga bagay na dapat tingnan sa interview sa mga technical intern trainee

- Kumusta ang pang-araw-araw na trabaho ng trainee, ang kanilang kapaligiran sa tirahan, at kanilang kalusugan? (Sila ba ay pinagtatrabaho nang labis o sobra?)
- Nakakatanggap ba ang trainee ng edukasyon para sa trabaho na kanilang ginagampanan at nakuha ba nila ang mga kinakailangang kwalipikasyon?
- Isinasagawa ba ang trabaho sa isang ligtas na paraan na sumusunod sa tamang mga pamamaraan, at nsaktan na ba ang trainee sa trabaho?
- Ang mga tool at kagamitan ba na kinakailangan para sa trabaho, pati na rin ang mga jigs na kailangan para maisagawa ang trabaho nang ligtas, ay palaging magagamit?
- Nagtatrabaho ba ang trainee habang nagsusuot ng angkop na kasuotan, at ang kasuotan ba ay nakakabawas sa kanyang kakayahang magsagawa ng trabaho nang ligtas?
- May mga pagkakataon ba na hindi nauunawaan ng trainee ang mga instruksyon o paliwanag mula sa tagapagturo ng pagsasanay sa technical intern?


V

Mga Pinsala sa Trabaho sa mga Trabahong Kaugnay ng Makinarya at Metal

Nagbibigay ang seksyong ito ng mga halimbawa ng mga pinsala sa trabaho na talagang nangyari sa mga technical intern trainee na nagsasagawa ng pagsasanay sa technical intern na may kinalaman sa mga makinarya at trabahong kaugnay ng metal.

Halimbawa 1

Habang nag-i-install ng metal die sa isang press machine ang isang technical intern trainee, aksidente nilang napindot ang foot switch. Dahil dito, nahulog at nasaktan ang kanyang kaliwang kamay sa makina.



Mga posibleng dahilan	Mga pamamaraan
Ayon sa Artikulo 131 talata (2) ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan, kinakailangan ang paggamit ng safety block para maiwasan ang hindi inaasahang pagbaba ng slide sa power press para sa mga manggagawa na naglalagay ng mga metal die sa power press, pero hindi natugunan ang kahilingang ito.	Turuan ang mga technical intern trainee na ituro at tiyakin na naka-enable ang safety block kapag nag-i-install ng mga metal die. Isulat din ang mga detalye na ito sa manual ng mga pamamaraan sa trabaho at tiyaking mahigpit itong ipinatutupad.
Hindi nabigyan ng sapat na gabay ang mga technical intern trainee tungkol sa mga pamamaraan sa trabaho na nagbabawal na hawakan ang foot switch habang nag-i-install ng mga metal die.	Dapat lubos na ipaliwanag sa manual ng mga pamamaraan sa trabaho ang mga pag-iingat kapag nag-i-install ng mga metal die, at ang mga pag-iingat na ito ay kailangang ibigay sa lahat ng manggagawa, kabilang ang mga technical intern trainee.
Dahil nag-i-install ang technical intern trainee ng mga metal die bilang bahagi ng kanyang pang-araw-araw na pagpapatakbo, naging pamilyar na siya sa kanyang trabaho at hindi gaanong nag-iingat.	

[Mga bagay na dapat isaalang-alang kapag gumagamit ng isang press machine]


Marami sa mga pinsala sa trabaho na nangyayari kapag gumagamit ng press machine ay mga aksidenteng “naipit sa loob o sa pagitan”. Ang mga kagamitang pangkaligtasan ay inilalagay bilang pangunahing pamamaraang pangkaligtasan para maiwasan ang mga aksidenteng “naipit sa loob o sa pagitan”. Gayunpaman, may mga kaso kung saan hindi gumana ang mga kagamitang pangkaligtasan dahil aksidenteng na-disable ang mga ito. Mangyaring regular na inspeksyunin ang mga naka-install na kagamitang pangkaligtasan para tiyakin kung may sira, at siguraduhing naka-enable ang mga kagamitang pangkaligtasan sa mga press machine kapag ginagamit ang ganitong uri ng makina.

V

Gayundin, dahil ang trabaho na may kinalaman sa pag-install at pagtanggap ng mga metal die sa isang power press, na isang press machine, ay naaayon sa mapanganib o nakakapinsalang mga trabaho ayon sa Artikulo 36 ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan, ang mga technical intern trainee na nagsasagawa ng mga tungkuling ito ay kinakailangang sumailalim sa espesyal na edukasyon (sumangguni sa pahina 6).

Halimbawa 2

Nang matapos ang isang technical intern trainee sa pagputol ng piraso ng materyal sa isang milling machine, pinindot ng trainee ang stop switch para patayin ang kuryente ng makina. Pagkatapos, para ayusin ang blade ng makina, iniunat ng trainee ang kanyang kanang kamay para alisin ang pipe pero nakalimutan niyang hilahin ang brake bar, na nagresulta sa pagkakahatak ng guwantes ng trainee sa umiikot na blade na patuloy na umikot dahil sa inertia, at nagdulot ng pinsala sa mga daliri ng kanang kamay ng trainee.



Mga posibleng dahilan	Mga pamamaraan
Ayon sa Artikulo 108 ng Ordinansa sa Kaligtasan at Kalusugan, hinihilingan ang mga negosyong nagsasagawa ng pag-aayos ng mga blade ng makina na patigilin ang kanilang pagpapatakbo sa kaukulang makina. Gayunpaman, hindi isinagawa ang hakbang na ito at inilapit ng technical intern trainee ang kanyang kamay sa umiikot na blade na patuloy na umikot dahil sa inertia.	Para sa pagpapatakbo ng milling machine, lumikha ng isang manwal ng mga pamamaraan sa trabaho na may kasamang mga pag-iingat para masiguro na nasusuri ng mga trainee kung tuluyan nang tumigil ang umiikot na blade, at ipaalam sa lahat ng manggagawa ang mga pag-iingat na ito.
Hindi lubos na naipaliwanag sa technical intern trainee ang mga panganib ng inertial rotation pagkatapos pindutin ang stop switch.	
Hindi rin lubos na naipaliwanag sa technical intern trainee na hindi dapat magsuot ng guwantes kapag gumagamit ng milling machine.	Ipaalam sa lahat ng manggagawa ang tamang kasuotan at postura sa isang pagpupulong o katulad nito bago magsimula ang trabaho.

[Mga bagay na dapat isaalang-alang kapag gumagamit ng milling machine]

Maaaring ituring na epektibo ang pagsusuot ng guwantes para protektahan ang mga kamay at daliri. Gayunpaman, ang pagsusuot ng guwantes habang nagpoproseso ang makina ay maaaring magdulot ng isang mapanganib na sitwasyon, kung saan ang iyong guwantes ay mahahatak papasok sa blade o materyal, na magresulta sa pagkakaipit ng iyong kamay sa makina.

Kaya't kinakailangan na malinaw na maipaliwanag kung kailangan o hindi magsuot ng guwantes ang mga technical intern trainee batay sa mga salik tulad ng uri ng trabaho at makinang ginagamit.

**Punong Tanggapan / Mga panrehiyong tanggapan ng Organisasyon para sa
Pagsasanay sa Technical Intern at address ng mga branch na tanggapan**

Pangalan ng tanggapan	Namamahalang prefecture	Post code	Address	Num. ng Tel.
Punong Tanggapan	—	108-0022	LOOP-X 3F, 3-9-15, Kaigan, Minato-ku, Tokyo	03-6712-1523 (Numero ng pangunahing operator) 03-3453-8000 (Call center)
Tanggapan sa Sapporo	Hokkaido	060-0034	Maruito Kita4-jo Bldg. 5F, 2-8-2 Kita4-johigashi, Chuo-ku, Sapporo-shi, Hokkaido	011-596-6445 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Sendai	Aomori, Iwate, Miyagi, Akita, Yamagata, Fukushima	980-0803	Sendai Fukoku Seimei Bldg. 6F, 1-2-1 Kokubuncho, Aoba-ku, Sendai-shi, Miyagi	022-398-6126 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Tokyo	Tochigi, Gunma, Saitama, Chiba, Tokyo, Kanagawa, Yamanashi	101-0041	Urban Center Kanda Sudacho 4F, 2-7-2 Kandasudacho, Chiyoda-ku, Tokyo	03-6433-9971 (Dibisyon ng Paggabay)
Branch sa Mito	Ibaraki	310-0062	Asahi Seimei Mito Bldg. 2F, 1-2-40 Omachi, Mito-shi, Ibaraki	029-350-8856 (Dibisyon ng Paggabay)
Branch sa Nagano	Niigata, Nagano	380-0825	Nakajima Kaikan Bldg. 6F, 1361 Suehirocho, Minaminagano, Nagano-shi, Nagano	026-217-3556 (Numero ng pangunahing operator)
Tanggapan sa Nagoya	Shizuoka, Gifu, Aichi, Mie	460-0008	Nikken/Sumisei Bldg. 5F, 4-15-32 Sakae, Naka-ku, Nagoya-shi, Aichi	052-684-8412 (Dibisyon ng Paggabay)
Branch sa Toyama	Toyama, Ishikawa, Fukui	930-0004	Toyama Kogin Bldg. 11F, 5-13 Sakurabashidori, Toyama-shi, Toyama	076-481-7560 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Osaka	Shiga, Kyoto, Osaka, Hyogo, Nara, Wakayama	541-0043	Osaka Asahi Seimei Bldg. 4F, 4-2-16 Koraibashi, Chuo-ku, Osaka-shi, Osaka	06-6210-3722 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Hiroshima	Tottori, Shimane, Okayama, Hiroshima, Yamaguchi	730-0051	Hiroshima Rijodori Bldg. 3F, 3-1-9 Otemachi, Naka-ku, Hiroshima-shi, Hiroshima	082-207-3126 (Dibisyon ng Paggabay)
Tanggapan sa Takamatsu	Tokushima, Kagawa	760-0023	Takamatsu Kotobukicho Prime Bldg. 7F, 2-2-10 Kotobukicho, Takamatsu-shi, Kagawa	087-802-5850 (Numero ng pangunahing operator)
Sangay sa Matsuyama	Ehime, Kochi	790-0003	Gibraltar Seimei Matsuyama Bldg. 2F, 7-1-21 Sanbancho, Matsuyama-shi, Ehime	089-909-4110 (Numero ng pangunahing operator)
Tanggapan sa Fukuoka	Fukuoka, Saga, Nagasaki, Oita, Okinawa	812-0029	Nikkan Kogyo Shinbun Seibu Branch Bldg. 5F, 1-1 Komondomachi, Hakata-ku, Fukuoka-shi, Fukuoka	092-710-4083 (Dibisyon ng Paggabay)
Sangay sa Kumamoto	Kumamoto, Miyazaki, Kagoshima	860-0806	MY Kumamoto Bldg. 8F, 1-7 Hanabatacho, Chuo-ku, Kumamoto-shi, Kumamoto	096-223-6470 (Dibisyon ng Paggabay)

Manual ng Mga Hakbang sa Kaligtasan at Kalusugan para sa Mga Technical Intern Trainee
<Machinery at Metal-related Jobs> Bersyong Tagalog

Na-issue noong Marso 2025

Ginawa at na-issue ng: Organisasyon para sa Pagsasanay sa Technical Intern
LOOP-X 3F, 3-9-15, Kaigan, Minato-ku, Tokyo, 108-0022
Website <https://www.otit.go.jp/>

Isinalin at na-edit ng: Torindo Co., Ltd.
6F PMO Tamachi, 5-31-17 Shiba, Minato-ku, Tokyo 108-0014
Website <https://torindo.ne.jp>

Ginawa ang manual na ito alinsunod sa mga batas mula Oktubre 2024.
